# {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa nagpapanaw sa kanya si Allāh. Pagkatapos nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya noong matapos niya.}

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh dito), na maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasagawa noon ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān hanggang sa nagpapanaw sa kanya si Allāh. Pagkatapos nagsagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya noong matapos niya.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang ina ng mga mananampalataya, na si `Ā'ishah (malugod si Allāh dito), na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nanatili sa pagsasagawa ng i`tikāf sa huling sampung araw ng Ramaḍān dala ng paghahangad sa Gabi ng Pagtatakda (Laylatul qadr). Nagpatuloy siya sa gayon hanggang sa nagpapanaw sa kanya si Allāh. Nanatili nga sa pagsasagawa ng i`tikāf ang mga maybahay niya noong matapos niya (malugod si Allāh sa kanila).



النجـاة الخـيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee